# Iglesya



## WARM-UP

- Nagkaroon ka na ba ng isang *exclusive membership* o pagiging bahagi ng isang grupo na para lang sa mga piling tao? Paano ka sumali o nag-*apply* dito? Ano ang mga benepisyo?
- Mayroon bang partikular na grupo o komunidad (halimbawa: banda, *sports team, book club*) kung saan ka nabibilang? Sabihin kung ano ang dahilan kung bakit kayo nagsasama-sama.
- Paano ka karaniwang nakikipag-ugnayan sa isang taong hindi mo gaanong gusto o hindi mo sinasang-ayunan?

## WORD

*[19]Kaya kayong mga hindi Judio ay hindi na mga dayuhan o taga-ibang bansa, kundi* ***kaisa*** *na ng mga pinabanal at kabilang sa pamilya ng Diyos. [20]Tayong mga mananampalataya ay katulad ng gusali na* ***ang mga haligi ay ang mga apostol at mga propeta****, at ang pundasyon ay si Cristo Jesus. [21]Sa pamamagitan ni Cristo, ang lahat ng bahagi ng gusali ay nagkakaugnay-ugnay at nagiging isang* ***banal na templo*** *ng Panginoon. [22]At dahil kayo ay nakay Cristo, bahagi na rin kayo nitong gusaling itinatayo, kung saan nananahan ang Diyos sa pamamagitan ng kanyang Espiritu.* **MGA TAGA-EFESO 2:19–22**

(Basahin din ang **MGA TAGA-EFESO 2:11–18.**)

Tuwing naririnig natin ang salitang "iglesya," karaniwan nating naiisip ang mga templo, gusali, o lugar kung saan pumupunta ang mga tao upang manalangin at sumamba. Ngunit sa Bibliya, hindi ganito ang paggamit sa salitang ito. Ang salitang "iglesya" ay galing sa salitang Griyego na ang ibig sabihin ay "ang mga tinawag." Noong panahon ni Jesus, ang pangunahing paggamit sa salitang ito ay hindi panrelihiyon kundi politikal. Ang tinutukoy ng salitang ito ay isang grupo ng taong tinawag at pinalabas ng kanilang mga tahanan o lugar ng pinagtatrabahuhan upang pag-usapan ang mga bagay na mahalaga sa publiko. Mula sa ganitong pakahulugan, pinili ni Jesus

na gamitin ang salitang ito para ilarawan ang Kanyang mamamayan. Bilang bahagi ng ating lokal na iglesya, lahat ng mananampalataya ay nabibilang sa katawan ni Cristo. Ito ang Iglesya. Sa araling ito, pag-aaralan natin ang tatlong katangian ng Iglesya at kung paano hinuhubog ng Diyos ang Kanyang espiritwal na pamilya.

## 1 Ang Iglesya ay banal.

*[21]Sa pamamagitan ni Cristo, ang lahat ng bahagi ng gusali ay nagkakaugnay-ugnay at nagiging isang **banal na templo** ng Panginoon. [22]At dahil kayo ay nakay Cristo, bahagi na rin kayo nitong gusaling itinatayo, kung saan nananahan ang Diyos sa pamamagitan ng kanyang Espiritu.* **MGA TAGA-EFESO 2:21–22**

(Basahin din ang **1 PEDRO 2:9.**)

Ang ibig sabihin ng "banal" ay "pagiging ibinukod." Nangangahulugan ito na ang Iglesya ay isang grupo ng mga taong tinawag ng Diyos mula sa mundo upang maging Kanya at maibukod para sa Kanyang layunin. Bilang mga banal na mamamayan, tinawag ang Iglesya para sa isang banal na buhay upang ipakita sa mundo kung sino ang Diyos sa pamamagitan ng kanilang pamumuhay. Ipinapakita rin sa atin ng Bibliya na hindi na nananahan ang Diyos sa mga pisikal na gusali kundi kapiling at sa loob ng Kanyang templo—ang Kanyang mga banal na mamamayan. Paano nito naaapektuhan ang pananaw mo sa iyong sarili at ang paraan mo ng pamumuhay?

## 2 Ang Iglesya ay panglahatan.

*Kaya kayong mga hindi Judio ay hindi na mga dayuhan o taga-ibang bansa, kundi **kaisa na ng mga pinabanal at kabilang sa pamilya ng Diyos**.* **MGA TAGA-EFESO 2:19**

(Basahin din ang **MGA TAGA-EFESO 2:17–18** at **MGA TAGA-GALACIA 3:28**.)

Sa Bibliya, ang salitang "iglesya" ay maaaring tumutukoy sa isang grupo ng tao sa isang partikular na panahon at lugar. Gayunpaman, maaari ring tinutukoy nito ang isang buong komunidad ng mga mananampalataya sa lahat ng lugar at sa lahat ng panahon. Ang Iglesya ay iisa o panglahatan, dahil hindi ito nalilimitahan ng lahi, kasarian, edad, katayuan sa lipunan,

denominasyon, lugar, at panahon. Ang lahat ng mga tunay na mananampalataya, ang mga nabubuhay sa lupa at ang mga naroon sa langit, ay espiritwal na nagsasama-sama at pinag-isa, at naging bahagi ng isang katawan, ang Iglesya. Ano ang ibig sabihin ng katotohanang ito sa paraan ng pakikitungo mo sa iyong kapwa Kristiyano sa iyong lokal na iglesya at sa ibang iglesyang naniniwala sa ebanghelyo?

................................................................................

................................................................................

## 3 Ang Iglesya ay apostoliko.

*[19]Kaya kayong mga hindi Judio ay hindi na mga dayuhan o taga-ibang bansa, kundi kaisa na ng mga pinabanal at kabilang sa pamilya ng Diyos. [20]Tayong mga mananampalataya ay katulad ng gusali na* ***ang mga haligi ay ang mga apostol at mga propeta****, at ang pundasyon ay si Cristo Jesus.* **MGA TAGA-EFESO 2:19–20**

(Basahin din ang **MGA GAWA 2:42–43.**)

Ang mga apostol ang mga unang taong pinadala ni Jesus upang maging kinatawan at patotoo kung sino Siya. Bukod sa kanila, mayroon pang iba tulad ni Matias, na pumalit kay Judas Iscariote, at Pablo, ang apostol sa mga hindi Judio. Ibig sabihin ng pagiging apostoliko ng Iglesya ay ang mga katuruan at gawi nito ay itinatag mula sa patotoo at aral ng mga apostol, na nakatala at pinapanatili sa Bagong Tipan. Mababasa din sa Bibliya ang mga isinulat ng mga propeta sa Lumang Tipan, na pundasyon ng pananampalatayang natanggap natin. Bakit mahalaga na tama ang mga katuruang galing sa Bibliya na natatanggap ng bawat mananampalataya? Ano ang mangyayari kung hindi tama ang matatanggap nila?

................................................................................

................................................................................

Sa huli, si Jesus ang Ulo ng Iglesya at ang pangunahing bato ng pundasyon nito. Siya ang humahawak at nagpapanatili sa pagsasama-sama ng Iglesya at patuloy itong lalago. Ibinigay Niya ang Kanyang buhay para sa Iglesya at patuloy Niyang lilinisin at ihahanda ang Kanyang Iglesya para sa Kanyang sarili. Si Jesus ang nagtatayo ng Kanyang Iglesya at sa huli ay magtatagumpay ito laban sa mga puwersa ng kamatayan at kadiliman (Mateo 16:18).

## APPLICATION

- Bahagi ka ba ng isang komunidad ng mga mananampalataya? Sa anong mga paraan ka aktibong makikipag-ugnayan at makikilahok sa panglahatang Iglesya ng Diyos?
- Paano makikita ang pagiging banal at ibinukod ng Iglesya? Paano ka makikibahagi sa pagiging banal na mamamayan at templo ng Diyos?
- Paano ka mas lalago sa iyong kaalaman at pagkaunawa sa mga katuruan mula sa Bibliya? Sino ang matutulungan mo sa kanyang pamumuhay sa piling ng Diyos at ng iba pang mananampalataya?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos dahil ginawa ka Niyang bahagi ng Kanyang Iglesya, ibinukod para sa Kanyang sarili at para sa Kanyang layunin.
- Hilingin sa Diyos na bigyan ka ng biyaya habang pinakikitunguhan mo ang iyong kapwa mananampalataya, para mapanatili ang pagkakaisa sa Espiritu sa pamamagitan ng mapayapa ninyong pagsasamahan.
- Ipanalangin na palakasin ng Diyos ang Iglesya at ang sarili mong espiritwal na pamilya habang sama-sama kayong namumuhay at nagpapatuloy ng Kanyang misyon.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2023 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Ernie Aragon, Brandel Manalastas, Chrysse Manuel-Pili, Elijah Minguez, Bea Salcedo, Ian Susi, Kriscel Wee

victory.org.ph

I-scan ang QR code para makita ang iba pang babasahing may kaugnayan sa paksa.